**FILIPINO 4**

2$^{nd}$ SUMMATIVE TEST

2$^{ND}$ QUARTER

Pangalan: ________________________________________ Iskor: __________

**I. Piliim ang maaaring mangyari sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang.**

_____1. Maagang natutulog si Dencio, tinitiyak niyang makatutulog siya nang walong oras.

A. Magigising siya nang maaga.
B. Magiging malakas siya sa buong araw.
C. Magagawa niya nang masaya at aktibo ang kaniyang mga gawain.
D. Maaga niyang masisimulan ang kaniyang mga gawain.

_____2. Ang mag-aanak ng Barangay Masipag ay abala sa pagtatanim ng mga halamang gulay sa kani-kanilang mga bakanteng lote lupa.

A. Makaaani sila ng maraming gulay.
B. Makapagbebenta sila ng maraming gulay.
C. Magiging malusog sila sa pagkain ng gulay.
D. Magiging maganda ang kapaligiran.

_____3. Ang mga tao ay walang tigil sa pagtatapon ng basura sa Ilog Balos.

A. Dudumi ang tubig at unti-unting mamamatay ang mga isda.
B. Agad na mamamatay ang lahat ng isda sa ilog.
C. Hindi na gustong maligo ng mga tao sa ilog.
D. Magiging tanawin ng basura ang ilog

_____4. Si Perla ay magalang na bata. Hindi niya nakalilimutang magmano sa mga nakakatanda. Sumasagot din siya gamit ang po at opo.

A. Magiging mabuting halimbawa siya sa ibang bata.
B. Gagantimpalaan siya sa kanilang lugar.
C. Marami siyang magiging kaibigan.
D. Bibilhan siya ng bagong cellphone ng kaniyang magulang

_____5. Si Aling Rosa ay hindi sumusunod sa batas. Palagi niyang sinusunog ang mga plastik, damo, papel at iba pang basura sa kanilang bahay.

A. Palaging malinis ang kanilang bahay.
B. Maaari siyang madakip at makulong sa paglabag sa batas.
C. Gagayahin siya ng kaniyang mga kapitbahay.
D. Ipagmamalaki siya ng kaniyang mga kapitbahay.

_____6 . Maghahating-gabi na ay naglalaro pa rin ng mobile legend si Dario. Pinapatulog na siya ng kaniyang ina ngunit ayaw niyang sumunod. May klase pa siya kinabukasan.

A. Ibabahagi niya ang paglalaro sa kaniyang kaklase.
B. Magagalit ang kaniyang ina.
C. Mapupuyat siya at maaaring hindi makapasok sa klase.

*File created by DepEd Click.*

D. Mananalo siya sa kaniyang laro.

_____7. Malayo ang bahay ng magkapatid na Linda at Larah sa kanilang paaralan. Naglalakad lamang sila sa pagpasok sa paaralan. Iniipon nila ang perang pamasahe para sa kanilang inang maysakit.

A. Ibibili ng kagamitan para sa proyekto ang naipong pera.
B. Ibibili ng laruan ang naipong pera.
C. Ibibili ng pagkain
D. Ibibigay sa magulang ang perang naipon para pandagdag sa pagpapagamot sa ina.

_____8. Maysakit si Martha. Pinayayuhan siya na magpahinga at uminom ng gamot na reseta sa kaniya ng doktor. Hindi niya ito sinunod at ginawa.

A. Mas lalala ang kaniyang karamdaman.
B. Magagalit ang kaniyang nanay at doktor.
C. Hindi siya gagaling sa sakit niya.
D. A at C ang tamang sagot.

_____9. May proyekto ang kapitan ng Barangay Magkaisa na "Basura Mo, Isang Kilong Bigas". Alin ang hindi maaaring hula sa sitwasyon?

A. Marami ang mangongolekta ng basura at ipagpapalit ito ng bigas.
B. Mababawasan ang basura sa kanilang barangay
C. Maraming mga taga-Barangay Magkaisa ang matutulungan.
D. Maraming mabibigyan ng bigas sa kabilang barangay.

_____10. Naiwan ng katabi mong pasahero ang kaniyang pitaka. Nang buksan mo ito ay may pera at ID ng may-ari nito.

A. Ipagbibigay alam ito sa istasyon ng pulis o radyo.
B. Kukunin ang pitaka at itatago sa bahay.
C. Ibigay sa drayber ng dyip ang naiwang pitaka.
D. Hindi papansinin ang naiwang pitaka.

_____11. Anak-mayaman at may ginintuang puso si Patrick. Habang siya ay naglalakad pauwi sa kanilang bahay ay may nakita siyang isang matandang nanlilimos.

A. Sasamahan niya sa panlilimos ang matanda.
B. Kakausapin at tutulungan ang matanda.
C. Ihihingi niya ito ng pagkain sa isang malapit na restaurant.
D. Ibibili niya ito ng bagong damit.

_____12. Nagkakaisa ang pamunuan ng paaralan, mga magulang, mamamayan at mag-aaral sa programa ng Kagawaran ng Edukasyon na "Brigada Eskwela".

A. Magiging matatag ang pagkakaisa para sa edukasyon.
B. Magiging matagumpay ang programang ito ng DepEd.
C. Magiging handa ang paaralan sa pagbubukas ng klase.
D. A, B at C ang tamang sagot

_____13. Nakita ni Maha si Camila na naglalaro sa tabing-dagat. Niyaya ni Camila si Maha na sumali sa laro. Umuwi si Maha para magpaalam sa kaniyang ina, ngunit hindi ito pumayag dahil maalon. Hindi pinakinggan ni Maha ang kaniyang ina. Alin ang hindi hula sa mga sagot?

A. Maaaring mapahamak, malunod at mamatay si Maha.

B. Susunduin si Maha ng kaniyang ina para pauwiin.
C. Matutuwa si Maha sa paglalaro sa tabing-dagat.
D. Mawawala si Maha.

_____14. May dalang mainit na kape sa mangkok ang nanay ni Lorna. Biglang nasagi ito ng kapatid niyang tumatakbo.

A. Maaaring mabuhusan ng mainit na kape ang kapatid niya.
B. Titimplahan niya muli ng kape ang nanay niya.
C. Magtitimpla muli ang nanay niya ng kape.
D. Pagagalitan ang kapatid.

_____15. Nagtanong ang guro ni Raul kung sino ang nagsulat sa pader ng kanilang silid-aralan. Nakita ni Raul kung sino ang sumulat.

A. Sasabihin ni Raul sa kaniyang guro ang nakita niya.
B. Hindi niya papansinin ang sinabi ng guro.
C. Lalabas ng silid-aralan para umiwas sa tanong.
D. Ibang pangalan ang sasabihin para ito ang mapagalitan.

*File created by DepEd Click.*